

ABISO NG IYONG KARAPATAN NA MAGPASURI SA COVID-19 SA INYONG HEALTHCARE PROVIDER

Sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Santa Clara County, ang inyong healthcare provider ay **KINAKAILANGAN NA MAGBIGAY SA'YO NG PAGSUSURI PARA SA COVID-19** kung ikaw ay makatugon sa anumang mga pamantayan:

1. May mga sintomas ng COVID-19;
2. Nalantad sa taong nasuring positibo sa COVID-19;
3. Napagsabihan ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County ng Santa Clara na magpasuri para sa COVID-19 sa inyong healthcare provider; o
4. Ikaw ay isang "essential worker" na tinukoy ng [Mga Regulasyon \(28 C.C.R. § 1300.67.01\) ng California](#). Kinabibilangan ito ng mga taong may mataas na panganib sa pagkakalantad sa COVID-19, gaya ng: mga manggagawa sa healthcare; care provider ng mga matatanda o may kapansanan; taong nagtatrabaho sa mga shelter, kulungan, o iba pang mga lugar na may malaking residensyal na populasyon; first responders; manggagawa sa serbisyong grocery at pagkain; manggagawa sa supply na pang-agrikultura at ng pagkain; manggagawa sa pampublikong pagbabiyaha; childcare, paaralan, at mga guro at kawani ng higher education; at lahat ng iba pang tao na kabilang sa regulasyon.

Ang inyong provider ay maaaring magtanong sa'yo kung ikaw ay napapabilang sa mga kategoriya na nasa itaas, subalit ang inyong provider ay hindi maaaring mangailangan ng katibayan. Ang inyong healthcare provider ay hindi maaaring magsabi sa'yo na pumunta sa ibang provider (kabilang ang isang lokasyon sa pagsusuri na pinapatakbo ng County). Ang inyong provider ay dapat magbigay ng mga resulta ng iyong pagsusuri para sa COVID-19 sa loob ng 3 araw ng kalendaryo.

Kung ikaw ay napabilang sa mga kategoriya (1), (2), o (3) na nasa itaas, ang inyong healthcare provider ay dapat magbigay ng pagsusuri para sa COVID-19 kung ikaw ay pumunta ng personal, o kung ikaw ay naghiling para sa pagsusuri na di-personal (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono o online), na hindi lalampas sa katapusan ng susunod na araw.

Kung ikaw ay isang essential worker at hindi napabilang sa mga kategoriya (1), (2), o (3) na nasa itaas, ang inyong healthcare provider ay dapat magbigay ng pagsusuri para sa COVID-19 sa loob ng 3 araw ng negosyo. Ang mga healthcare provider ay maaaring maghiling sa mga essential worker na maghintay ng hanggang sa 14 na araw ng kalendaryo sa pagitan ng mga pagsusuri.

Maaari kang mag-report ng anumang mga pag-aalala at paglabag direkta sa iyong healthcare provider o sa County sa www.scccovidconcerns.org.